

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang Fire and Emergency Services ng Lungsod ng Brampton ay nanalo ng pambansang award para sa pagsisikap nito sa diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat**

BRAMPTON, ON (Setyembre 15, 2021) – Sa linggong ito, ang Brampton Fire and Emergency Services (BFES) ay ginawaran ng 2021 Equity, Diversity & Inclusion Award ng Canadian Association of Fire Chiefs (CAFC). Ang bagong award na ito ay kumikilala sa mga lider ng industriya at nagpaparangal sa mga trabahong nagawa para matiyak na ang mga serbisyo ng bombero sa buong bansa ay naglalarawan sa diverse na populasyon ng Canada.

Ang Brampton Fire and Emergency Services ay committed sa pagbuo ng puwersa ng manggagawa ng pagtanggap ng kultura at pang-unawa na mas naglalarawan sa komunidad na pinaglilingkuran nito. Ang pagpapaigting sa diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat ng loob ng BFES, ay isang mahalagang prayoridad at area ng pokus sa sinuportahan ng Konseho na Brampton Fire and Emergency Services 2021-2025 Fire Master Plan. Ang plano na ito ay tumutukoy sa dalawang pangunahing parte ng pokus –ang pangangailangan na magbigay ng kaalaman at iangat ang kamalayan sa loob ng umiiral na puwersa ng manggagawa, at ang implementasyon ng inobatibong mga taktika sa pag-recruit at multikultural na pakikilahok sa komunidad para bumuo ng diverse, nagsasali sa lahat at pantay na serbisyo ng bombero.

Itinataguyod ng Fire Chief na si Bill Boyes, at pinamunuan ni Division Chief Ravjot Chhatwal, ang BFES ay lumikha ng strategic na plano para suportahan ang mga pagpapahusay sa diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat sa loob ng departamento sa pamamagitan ng:

- Konsultasyon sa maramihang mga stakeholder ng komunidad, mga organisasyon ng komunidad, mga non-profit, mga organisasyong batay sa kultura at pananampalataya,
- Pagdagdag sa pangkulturang kamalayan at pang-unawa sa loob ng BFES team sa pamamagitan ng serye ng mga pagkakataon sa pagsasanay, at sa pamamagitan ng
- Pag-develop sa estratehiya ng pag-recruit na gumigiba sa mga tradisyonal na balakid at nagsisikap para suportahan ang diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat sa pamamagitan ng pagkonekta sa mahalagang mga komunidad para pahusayin ang puwersa ng manggagawa at gawin itong mas naglalarawan sa Brampton.

Ang Brampton ay isang Mosaic, isang diverse na komunidad na pinapahalagahan at itinataguyod. Ang pangmatagalang mga layunin at trabaho na ginagawa ngayon ng BFES at pagsulong ay makakatulong sa paglatag ng pundasyon para sa puwersa ng manggagawa sa hinaharap na naglalarawan sa komunidad na pinaglilingkuran nito habang nagpapatuloy na suportahan ang kaligtasan at kabutihan ng komunidad.

### **Mga Quote**

“Maligayang bati sa buong Brampton Fire and Emergency Services team para sa kanilang commitment sa patuloy na pagpapahusay sa bahagi ng diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat. Ang Brampton ay isang Mosaic, at mahalagang ipagdiwang natin ang diversity nito at itaguyod ang pagsasali sa lahat sa pamamagitan ng epektibong pagpapalahok at pakikipag-usap sa lahat ng

pangkat. Ipinagmamalaki ko ang trabahong nagawa ng BFES na pagkonekta sa komunidad ng Brampton at itakda ang mga plano para sa pangmatagalang paglago at pag-unlad.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Napaka-proud ko sa trabahong ginagawa ng Brampton Fire and Emergency Services at sa kanilang dedikasyon sa patuloy na paglago at edukasyon. Tulad ng tinukoy sa award na ito, ang BFES team ay kinilala bilang una sa pagtugon sa diversity, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat, Ang - commitment na makagawa ng makahulugang pagbabago sa serbisyo at ang patuloy na pamumuhunan sa kamalayan, pagbuo ng relasyon at edukasyon ay magtatakda sa team sa industriya at sa ating komunidad paras sa tagumpay sa hinaharap.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at& 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang commitment tungo sa pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay at pagsasali sa lahat mula sa ating Brampton Fire and Emergency Services team ay ang nagpapabukod-tangi sa kanila bilang mga lider sa industriya at sa ating komunidad. Alam natin sa pamamagitan ng paggawa ng makahulugang aksyon para itaguyod ang diversity, pagkakapantay-pantay sa pagsasali sa lahat sa ating negosyo – minamaneho natin ang isang organisasyon na mas inobatibo, strategic at naglalarawan sa komunidad na pinaglilingkuran nito. Pinapasalamat ko ang ating Brampton Fire and Emergency Services leadership team para sa kanilang patuloy na aksyon dito at pagpapasulong sa ating lungsod at mga serbisyo ng bombero.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Congratulations sa Brampton Fire and Emergency Service dahil sa pagtanggap ng unang taunang Equity, Diversity at Inclusion Award ng CAFC. Ang layunin ng award na ito ay hindi lamang para ipagdiwang ang kahusayan, kung hindi para ibahagi ito sa buong bansa. Mababasa ng mga mambabasa ang kumpletong case study pati na rin ang iba pa sa [www.cafc.ca](http://www.cafc.ca). Salamat sa pagbabahagi ng magandang trabaho na ito.”

- *Canadian Association of Fire Chiefs*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)

